SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 18, 2023, LUNES, IKA-9:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | .... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN RECEIVED 20 DEC 2023 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 416-T2023**

**KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG PAKIKIDALAMHATI AT PAKIKIRAMAY SA PAMILYA NG YUMAONG PUNONG BARANGAY MARY ANN L. FRONTUNA NG BARANGAY SANTO ANGEL SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ng Punong Barangay Mary Ann L. Frontuna ay nagdulot ng labis na lungkot at kapighatian sa kanyang pamilya at sa mga kababayang sa kanya'y nagmamahal;

**SAPAGKAT,** naglingkod siya bilang Kagawad ng Sangguniang Barangay mula taong 2007 hanggang taong 2013 at nahalal na Punong Barangay noong taong 2013 hanggang sa kasalukuyan;

**SAPAGKAT,** ang kanyang ipinunlang magandang halimbawa ay mananatiling isang buhay na alaala ng di mapag-aalinlanganang idolo ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Ambiel John C. Panganiban, na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Alan T. Pamatmat at Kgg. Mark Anthony M. Juangco at sa pagsang-ayon ng mga kagawad ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Magpaabot ng pakikidalamhati at pakikiramay sa pamilya ng yumaong Punong Barangay Mary Ann L. Frontuna ng Barangay Santo Angel Sur, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang pamilya ng yumaong Punong Barangay Mary Ann L. Frontuna para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 18, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo